



LUNGSOD NG CARSON PAUNAWA SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

PETSA AT ORAS: Martes, Nobyembre 16, 2021, 6:00 ng gabi

LUGAR: Helen Kawagoe City Council Chambers
Carson City Hall, 701 East Carson Street at
Congresswoman Juanita Millender-McDonald Community Center
801 East Carson Street
Carson, CA 90745

Dahilan sa protokol ng COVID-19, Ang Tsamber ng Konseho ng Lungsod ay may limitadong kapasidad (18 katao) at 100 taong pinapayagan sa Community Center.

Lahat ng empleyado at kasapi ng publiko ay kailangang naka-maskara bago pumasok sa City Hall o sa Carson Community Center, ang pagkuha ng temperature ay ipatutupad, patunay ng bakuna at/o patunay ng COVID test nang nakaraang 3 araw sa miting ng Konseho ng Lungsod ay kailangan. Ang empleyado ng siyudad ay magtatanong ng ilang mga tanong bago payagan ang sinuman na pumasok sa pasilidad para lumahok sa pulong. Kung lalampas sa kapasidad ang mga dadalo sa Tsamber ng Konseho ng Lungsod, ang mga magsasalita ay papupuntahin sa Community Center para lumahok sa Miting ng Konseho ng Lungsod.

Para sa mga magsasalita no walang COVID-19 test sa loob ng 3 araw sa Miting ng Konseho ng Lungsod, ang laboratoryo ng Klinika ng Northshore ay maaaring magbigay ng PCR/Rapid COVID-19 test. Ang kanilang oras sa regular na araw ng miting ng Konseho ay mula 10:30 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi. Matatagpuan sila sa Sheriff's Station, sa pampublikong parking lot sa tapat ng City Hall. Walang bayad dito ang Rapid Test.

LAYUNIN: KONSIDERASYON NG PAGREREDISTRITONG ITINATAGUYOD NG KONSEHO NG LUNGSOD, ALINSUNOD SA RESULTA NG 2020 SAMPUNG TAUNANG CENSUS.

IPINAPAUNAWA SA LAHAT na ang Konseho ng Lungsod ng Carson ay magdaraos ng pampublikong pagdinig sa **Carson City Hall, 701 East Carson Street at sa Congresswoman Juanita Millender-McDonald Community Center (remotely) 801 East Carson Street, Carson, CA 90745** upang tanggapin ang saloobin ng publiko tungkol sa hangganan ng mga distrito at pagusapan ang ang Pre-Draft na mapa at mga datos ng 2020 Census.

Lahat ng interesadong residente ay inaanyayahang dumalo sa nasabing pulong upang ipahayag ang kanilang pananaw sa bagay na ito. Kung hindi kayo makakadalo sa pulong, maari kayong magbigay ng nakasulat na komentaryo sa Senior Administrative Analyst bago ang nakatakdang pampublikong pagdinig. Kung mayroon kayong katanungan, makipagalam kay Joy Simarago, Pangalawang Klerk ng Lungsod, sa (310) 952-1720 o mag-email sa cityclerk@carson.ca.us.

Kung hahamunin ninyo ang bagay na ito sa korte, malilimitahan ang mga isyung maisasaad ninyo sa mga isyung natalakay sa pampublikong pagdinig na isinasaad sa paunawang ito, o sa liham na ipinadala sa Konseho ng Lungsod bago maganap ang pampublikong pagdinig.

Petsa: Nobyembre 4, 2021

Joy Simarago
Pangalawang Klerk ng Lungsod